Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG KAGALANG-GALANG IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-16 NG MARSO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE.............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco.............. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas.............. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon.............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino d. Pamatmat.......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison.............. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas.............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor.......... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco.............. | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 056-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY NA MAKAPAGDAOS NG PASABONG (ONE DAY THREE COCK DERBY) SA IKA-20 NG MARSO, 1998, AYON SA KAHILINGAN NI GNG. ESTELA SAN JUAN, MAY-ARI NG SANTA CRUZ COCKPIT ARENA SA BAYANG ITO.

**SAPAGKA'T,** may kahilingan si Gng. Estela San Juan, na makapagdaos ng pasabong (One Day Three Cock Derby) sa ika-20 ng Marso, 1998;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang bahagi ng kikitain sa naturang pasabong ay ilalaan sa papremyo para sa mga patimpalak at palaro sa darating na kapistahan ng Barangay Santo Angel Central, bayang ito, ay ipinasya ng Sangguniang Bayan na pagtibayin ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Celestino D. Pamatmat, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at Louie C. de Leon at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin na makapagdaos na pasabong (one day three cock derby) sa ika-20 ng Marso, 1998, ayon sa kahilingan ni Gng. Estela San Juan, may-ari ng Santa Cruz Cockpit Arena, sa bayang ito.

**INIUUTOS:** na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, may-ari ng Santa Cruz Cockpit Arena, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

3/19/98

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan